**TOOL KIT NG NAG-AARAL NG INGLES**
**PANIMULA**

Ang mga kagawaran ng Edukasyon at ng Katarungan sa Estados Unidos ay naglabas ng magkasanib na gabay noong Enero 7, 2015, na nagpapaalala sa mga estado, distrito ng paaralan at mga paaralan ng kanilang mga obligasyon sa ilalim ng batas federal upang tiyakin na ang mga nag-aaral ng Ingles ay may pantay na karapatan sa isang edukasyong mataas ang kalidad at sa pagkakataon na maabot ang lubos na potensyal nila sa akademya. Sa kontekstong ito, malugod na inilalaan ng Tanggapan ng Pagkatuto sa Wikang Ingles (Office of English Language Acquisition, OELA) sa Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos ang *English Learner (EL) Tool Kit, a companion to the Office for Civil Rights and Department of Justice "Dear Colleague Letter*" (DCL) [Tool Kit ng Nag-aaral ng Ingles (EL), Kasamang babasahin sa "Sulat sa Kagalang-galang naming Katrabaho" (DCL) na galing sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil at Kagawaran ng Katarungan]. Ang tool kit ay dinisenyo upang tulungan ang mga ahensya ng pang-estado at lokal na edukasyon (mga state education agency (SEA) at local education agency (LEA)) na makatugon sa kanilang mga legal na obligasyon sa mga nag-aaral ng Ingles (EL) at magbigay sa lahat ng mga EL ng suportang kinakailangan upang makamit ang kahusayan sa wikang Ingles habang tinutugunan ang mga pamantayan sa paghahanda sa kolehiyo at sa karera. Ang *EL Tool Kit* ay nakalaan una muna para estado, distrito, mga administrador ng paaralan, at mga guro, ngunit makakapagbigay rin ito ng impormasyon sa iba pang mga stakeholder na nagmamalasakit sa edukasyon ng mga EL.

Ang 10 kabanata ng *EL Tool Kit,* na inilathala bilang serye sa loob ng mga nakaraang buwan, ay katugon ng 10 bahagi ng Enero 2015 na DCL Ang bawat kabanata ay nagbibigay (1) ng paliwanag sa mga EL sa mga karapatang sibil at iba pang legal na obligasyon; (2) mga tseklist na magagamit ng mga SEA, LEA at mga paaralan bilang kagamitan sa pansariling pagsusubaybay; (3) mga muwestrang kagamitang maaaring gamitin o i-aakma para gamitin sa mga SEA, LEA at paaralan bilang tulong sa pagsunod; at (4) mga karagdagang sanggunian na maaaring makapagbigay ng iba pang kaugnay na impormasyon at tulong.* Hindi nakalagay sa tool kit ang lahat ng mga sanggunian tungkol sa mga serbisyo sa EL, kundi ang isang muwestra lamang. Para maging madali sa nagbabasa, ang mga kagamitan at sanggunian ay libre at maa-akses sa Internet.

Ang mga kabanata ng tool kit ay:

Kabanata 1: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Pagtukoy ng Lahat ng Estudyanteng Nag-aaral ng Ingles
Kabanata 2: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Paglalaan ng Programa sa Pagtulong sa Wika sa mga Nag-aaral ng Ingles
Kabanata 3: Mga Kagamitan at Sanggunian para sa Pagkuha ng Tauhan at Pagsuporta sa Programa para sa Nag-aaral ng Ingles
Kabanata 4: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Paglalaan sa Mga Nag-aaral ng Ingles ng Makabuluhang Akses sa Mga Core-Curricular at Extracurricular na Programa
Kabanata 5: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Paglikha ng isang Inclusive na Kapaligiran para sa at Umiiwas sa Hindi Kinakailangang Pagbubukod ng mga Nag-aaral ng Ingles
Kabanata 6: Mga Kagamitan at Sanggunian para Tumugon sa mga Nag-aaral ng Ingles na May Kapansanan
Kabanata 7: Mga Kagamitan at Sanggunian para Paglingkuran ang Nag-aaral ng Ingles na Pumiling Hindi Sasali sa mga Programa para sa EL
Kabanata 8: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Pagsubaybay at Pagpapatapos sa mga Nag-aaral ng Ingles sa mga Programa at Serbisyo para sa EL
Kabanata 9: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Pagtatasa ng Pagka-Epektibo ng Programa ng Distrito para sa EL
Kabanata 10: Mga Kagamitan at Sanggunian sa Pagtiyak ng Makabuluhang Komunikasyon sa mga Magulang na Limitado ang Kahusayan sa Ingles

Bilang bahagi ng misyon ng Kagawaran, ang OELA ay namumuno sa bansa upang tulungang matiyak na naaabot ng mga EL at mga migranteng estudyante ang kahusayan sa Wikang Ingles at natatamo ang mga mahihirap na pamantayan sa akademya, tumutukoy sa mga pangunahing usapin na may epekto sa edukasyon ng mga EL, at sumusuporta sa mga pagsusumikap na magkaroon ng reporma sa estado at lokal na sistema

upang mapabuti ang pagkatuto ng EL. Ang tool kit na ito, na ginagamit kasama ng Enero 2015 na DCL, ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagkakamit ng mga layuning ito sa pamamagitan ng pagtulong sa mga SEA at LEA upang mas higit nilang maunawaan at matupad ang kanilang mga obligasyon sa mga EL.

Pinangunahan ng OELA ang paglikha ng tool kit, sa tulong ng Tanggapan para sa Elementarya at Sekundaryang Edukasyon ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos (U.S. Department of Education's Office of Elementary and Secondary Education, OESE), ng Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights, OCR), Instituto para sa Edukasyon sa Agham (Institute for Education Sciences, IES), ng Tanggapan ng Pangkalahatang Abogado (Office of the General Counsel, OGC), at ng Tanggapan sa Espesyal na Edukasyon at Mga Serbisyo sa Rehabilitasyon (Office of Special Education and Rehabilitative Services, OSERS), gayundin ng mga tauhan mula sa Kagawaran ng Katarungan sa Estados Unidos (U.S. Department of Justice, DOJ). Ang National Clearinghouse for English Language Acquisition (NCELA) ay katulong rin sa paglikha ng tool kit.

**Walang intensyon ang Kagawaran o wala itong ipinahiwatig na opisyal na pag-e-endorso ng anumang produkto, paninda, serbisyo, o negosyo na binabanggit sa publikasyong ito. Para maging madali sa nagbabasa, naglalaman ang tool kit ng impormasyon tungkol sa at galing sa mga organisasyon sa labas, kasama ang mga URL. Ang pagsasama ng mga naturang impormasyon ay hindi nangangahulugang iniiendorso ang mga ito ng Kagawaran.*